Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
**TANGGAPANG PANGSANGAY NG BULACAN**

Mayo 13, 2024

Para sa: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Sekundarya
at iba pang kinauukulan

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Provincial History, Arts, Culture and Tourism Office (PHACTO) ay magsasagawa ng PASS-yal Pamanang Bulakenyo sa Mayo 14, 2024 at soft launching ng SINEliksik Bulacan Pamana Modules sa Mayo 17, 2024 tampok ang mga pamanang istruktura sa ating lalawigan. Kabilang ang ilang guro ng dibisyon sa mga manunulat, tagaguhit at tagalapat sa adhikaing ito.

Ang PASS-yal Pamanang Bulakenyo ay magsisimula sa Hiyas ng Bulacan Cultural Center sa ganap na ika-7:00 ng umaga at lilibot sa sampung pamanang istruktura sa lalawigan ng Bulacan.

Ang soft launching naman ng SINEliksik Bulacan Pamana Modules ay gaganapin sa Hiyas ng Bulacan Cultural Center sa ganap na ika-1:00 ng hapon bilang bahagi ng paunang pagpapakilala sa mga ginagawang modules para sa mga pamanang istruktura.

Kalakip nito ang listahan ng mga kalahok sa gawaing ito.

Inaasahan na ang gawain ng mga napiling guro sa bawat paaralan ay maayos na naiplano ng mga namamahala sa paaralan habang sila ay nasa gawain.

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot sa Paglalakbay ng bawat dadalo.

Kalakip ng sulat na ito ang sulat paanyaya na nagmula sa Panlalawigang Tanggapan ng PHACTO.

Inaasahan ang inyong pagbibigay ng pansin sa bagay na ito.

**NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

LIHAM PANSANGAY
Blg. 043, s. 2024

# LISTAHAN NG MGA KALAHOK SA PASS-YAL PAMANANG BULAKENYO AT SOFT LAUNCHING NG SINELIKSIK BULACAN PAMANA MODULES

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 | Reysielyne S. Espino | Teacher III | Dampol 2nd NHS |
| 2 | Rico Paulo G. Tolentino | Principal II | Masagana HS |
| 3 | Joyce Ann C. Faustino | Teacher II | Masagana HS |
| 4 | Karren Ann J. Cruz | Teacher III | Masagana HS |
| 5 | Jannette DC. Tiquia | Head Teacher III | San Roque NHS |
| 6 | Mary Irene M. De Vera | Teacher III | Catmon NHS |
| 7 | Fits Gerald V. Cedillo | Teacher II | Pulong Buhangin NHS |
| 8 | Alexander F. Gerona | Special Science Teacher I | Pulong Buhangin NHS |
| 9 | Ricardo P. Enriquez, Jr. | Teacher II | Pulong Buhangin NHS |
| 10 | Anthony L. Alonzo | Teacher III | FVR National High School |
| 11 | Jennifer P. Dantes | Teacher III | Partida National High School |
| 12 | Vincent De Robles | Teacher II | Sulivan National High School |
| 13 | Raymark T. Alejandro | Teacher II | Lolomboy National High School |
| 14 | Leopoldo Galman | Master Teacher I | Kapitangan BHS |
| 15 | Cheryl Ruiz | Teacher I | Dampol 2nd NHS |
| 16 | Erin Acuña | Teacher I | Dampol 2nd NHS |
| 17 | Ronieza S. Manzon | Teacher I | Dr. Felipe De Jesus NHS |
| 18 | Gerald L. Vergel De Dios | Teacher I | Dr. Felipe De Jesus NHS |

DepED MATATAG
RECORD'S UNIT
contact us
SCAN ME!
https://bulacandeped.com/
Deped - SDO of Bulacan
RECEIVED
APR 24 2024
By:



23 Abril 2024

**DR. NORMA P. ESTEBAN, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan
DepEd – Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Sa Atensyon Ni: **Dr. Virgilio L. Laggui**
AP Supervisor

**Mahal na Doktor Esteban:**

PAKSA: Kahilingang makadalo ang SINEliksik Bulacan Pamana Module Writers, Illustrators, at Layout Artists sa PASS-yal Pamanang Bulakenyo sa 14 Mayo 2024 at sa *soft launching* ng SINEliksik Bulacan Pamana Modules sa 17 Mayo 2024.

Pagbati sa ngalan ng kasaysayan at pamana ng Bulacan!

Matagumpay at naging mabunga po ang isinagawang Pamana Module Consultation ng SINEliksik Bulacan Pamana Module Writers, Illustrators, at Layout Artists noong nakaraang buwan. Bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Pamana sa Mayo 2024, atin pong isasagawa ang PASS-yal Pamanang Bulakenyo sa 14 Mayo 2024. Pupuntahan po ng ating mga guro ang sampu (10) sa mga pamanang istrukturang tampok sa kanilang mga isinusulat na *modules* na makikita rin sa Bulacan Pamana Pass. Sila po ay magtitipon-tipon sa Hiyas ng Bulacan Cultural Center sa ganap na ika-7:00 ng umaga. Naghanda po ang aming tanggapan ng sasakyan (*PGB Bus*), *tour itinerary*, at *tour guide*. Hinihiling po ang paghahanda ng mga guro ng kanilang pagkain.

Bilang bahagi pa rin ng pagdiriwang ng Buwan ng Pamana, isasagawa rin po ang *soft launching* ng SINEliksik Bulacan Pamana Modules sa 17 Mayo 2024 sa ganap na ika-1:00 ng hapon sa Hiyas ng Bulacan Cultural Center, Lungsod ng Malolos, Bulacan bilang bahagi ng paunang pagpapakilala sa mga ginagawang *modules* para sa mga pamanang istruktura.

Kaugnay nito, magalang po naming hinihiling na makadalo ang mga SINEliksik Bulacan Pamana Module Writers, Illustrators, at Layout Artists sa PASS-yal Pamanang Bulakenyo sa 14 Mayo 2024 at sa *soft launching* ng SINEliksik Bulacan Pamana Modules sa 17 Mayo 2024. Kalakip po ng liham na ito ang *tour itinerary* ng PASS-yal Pamanang Bulakenyo para sa inyong patnubay.